



Buod ng mga Natuklasan sa Pakikibahagi ng Komunidad

Tungkol sa Ulat

Ibinubuo ng ulat na ito ang mga pananaw mula sa mga pagsusumikap sa pakikibahagi sa komunidad ng Mayor's Office for Housing and Community Development (MOHCD, Tanggapan ng Mayor para sa Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad), kabilang ang mga forum, focus group, at online na survey. Ang mga aktibidad ng pakikibahagi sa komunidad ay isinagawa upang ihatid ang mga boses ng mga miyembro ng komunidad sa mga pagsusumikap sa pagpapalano ng MOHCD at mga istrategikong pamumuhunan sa mga serbisyo at programang pangkomunidad. Kasama sa ulat na ito ang mga priyoridad, pangangailangan, hamon, at iminumungkahing solusyon sa abot-kayang pabahay, kakayahang itaguyod ang sarili, at pagpapaunlad ng komunidad. Ang mga magkakaparehong alalahanin na binanggit sa lahat ng programa at lugar ng serbisyo ang nasa simula, na sinundan ng mga kagustuhan ng kalahok sa pabahay. Pagkatapos ay inoorganisa ang mga natuklasan sa kabuuan nang ayon sa lugar na siniserbisuhan sa mga pahina 4-10, at bilang panghuli, ang mga natuklasan na nauugnay sa gawain ng MOHCD ngunit nauukol para sa ibang mga ahensya ng lungsod ay nasa mga pahina 10-11. Nilayon ng pakikibahagi sa komunidad ang maunawaan ang mga pangangailangan ng iba't ibang demograpiya at lugar, na may mga partikular na pananaw na tinatampok sa font na kulay kahel sa kabuuan.

Pagkolekta ng Datos

Sa pagitan ng Setyembre 2023 at Enero 2024, isinagawa ang mga sumusunod na pamamaraan ng pagkolekta ng datos:

| Pamamaraan | Mga Detalye |
|---------------------------|---|
| Mga Forum sa Kapitbahayan | 328 kalahok sa 11 forum ng komunidad sa iba't ibang kapitbahayan sa buong lungsod (Bayview, Chinatown, Excelsior, Mission, sa mga kapitbahayan ng Ocean View-Merced Heights-Ingleside (OMI), Richmond, South of Market (SOMA), Sunset, Tenderloin, Western Addition, at Visitacion Valley). |
| Mga Focus Group | 28 focus group na may mga pangunahing grupong nasasakupan. |
| Survey | 528 indibidwal ang sumali sa online na survey. |

Higit pang impormasyon tungkol sa mga kalahok, kabilang ang pagkakahati-hati sa demograpiya sa forum ng komunidad at kalahok sa survey at isang listahan ng mga pangunahing grupong nasasakupan para sa mga focus group ang matatagpuan sa Apendise I sa pahina 15.

Magkakasabay na mga Pangangailangan at Alalahanin ng Komunidad

Mga aktibidad sa pakikibahagi ng komunidad na tinukoy sa magkakasabay na pangangailangan at alalahanin ng komunidad sa lahat ng kapitbahayan at mga partikular na grupo sa komunidad, at sa lahat ng programa o lugar ng serbisyo ng MOHCD. Kabilang sa mga ito ang:

- ❖ **Ninanaing ng mga komunidad ang mga nakaakmang solusyon sa pabahay; na madalas na iniuugnay ang pinakamainam na pabahay (mga uri, amenidad, laki) sa mga alalahanin sa kalidad ng buhay sa kapitbahayan (tulad ng kaligtasan, mga luntiang espasyo, sentrong pangkultura, atbp.).** Sinusuportahan ng mga miyembro ng komunidad ang mga nadagdagang opsyon sa pabahay na tumutugon sa mga natatanging katangian at pangangailangan ng iba't ibang komunidad, na binibigyang-diin ang kaalaman na pinahahalagahan ng mga miyembro ng komunidad hindi lamang ang nadagdagang dami, ngunit pati na rin ang kalidad ng pabahay.

- ❖ **Mapapakinabangan ng mga pinagtutuunang populasyon ang suportang mas naaangkop at tumutugon sa kultura** (na may paggalang at naaangkop sa iba't ibang kultura), at naghahandog ng pag-access na may prioridad o preperensya. Dahil hindi magkakapantay ang pagdanas sa mga pangangailangan sa lahat ng residente, hinihiling ng ilang residente (halimbawa, residenteng **matatanda, mga indibidwal na may kapansanan, mga taong may kulay , at LGBTQ+**) ang mga serbisyo at suporta ay sadyang maipamahagi upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan. Kabilang sa mga mungkahi ang:
 - Mga kagustuhan sa loterya (para sa mga taong may kulay, matatanda, matagal nang residente [at kanilang mga anak]).
 - Nadagdagang Programa ng Pagpapautang na Tumutulong sa Downpayment (DALP) at iba pang mga serbisyo para sa pagmamay-ari ng tirahan para sa mga residenteng Itim, residenteng Katutubo, nakaligtas sa karahasan sa tahanan.
 - Nadagdagang pamamahala ng kaso; na partikular na tumutugon sa mga natatanging pangangailangan ng mga residenteng Transgender at hindi nagsasalita ng Ingles.
 - Mga subsidyo sa upa para sa mga natatanging populasyon, kabilang ang mga residente, pamilya, guro, manggagawa ng nonprofit, at kawani ng pamahalaan sa Bayview.
 - Access sa pabahay para sa mga residenteng matatanda at may kapansanan bilang isang karapatan, hindi lamang kagustuhan.
 - Ang pag-iwas na mapaalis ng tirahan, pang-emerhensyang tulong sa upa, at iba pang mga legal na serbisyo ay pinangalanan bilang prioridad para sa mga residenteng Katutubo at Taga-Isla Pasipiko, mga residenteng Transgender ar LGBTQ, at matatanda para manatiling may tirahan.
 - Mga nakatuong oportunidad sa trabaho para sa mga kabataan, matatanda, imigrante, at mga taong may kapansanan.
 - Edukasyon at mga legal na serbisyo para sa mga walang dokumento at manggagawang mababa ang sahod upang maprotektahan ang kanilang mga karapatan sa trabaho at dumepensa laban sa mga pang-aabuso.

- ❖ **Ang pagdagdag sa pag-access sa mga programa at serbisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, edukasyon, nabigasyon, pagiging karapat-dapat, at mga serbisyong sentralisado o nasa kumbinyenteng lugar ay madadagdag ang kanilang paggamit, lalo na sa mga pinagtutuunang populasyon.**

Pakikipag-ugnayan. Ayon sa mga sumagot sa survey, ang pinakamalaking hadlang sa pangkalahatan pagdating sa pag-access o paggamit ng mga umiiral na programa at serbisyo ang kakulangan sa kaalaman tungkol sa mga serbisyo na available (pinakamataas na iniulat ng mga residenteng **Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asyano/Hilagang Aprikano, at Taga-Isla Pasipiko**). Totoo rin ito para sa 72% ng mga sumagot mula sa **Tenderloin**.

Pag-access. Kahit alam ng mga residente ang tungkol sa mga serbisyo, hindi nila kayang mag-apply nang madali. Isinaad ng mga residente ang kakulangan sa mga navigator ng serbisyo na makakatulong sa kanilang mag-apply at ang dami ng papeles na kailangan para mai-apply bilang mga isyu. Isang miyembro ng komunidad ng **Asyano** ang nagsalita tungkol sa pakiramdam na nadiskrimina sa proseso ng aplikasyon. Isa pang miyembro ng komunidad ng **Latino** ang nagsalita tungkol sa pagiging takot na mag-apply. Maraming

residente, lalo na ang mga may limitadong internet o access sa computer o kaalaman, at mga hadlang sa wika, ang may interes sa isang pangunahing lugar o isang taong pwedeng lapitan sa komunidad na makakatulong sa kanila na mag-navigate at ma-access ang mga serbisyo.

Karaniwang isyu rin ang ***pagiging karapat-dapat***. Sa katunayan, ang "Hindi ako kuwalipikado para sa mga serbisyo" ay ang pangalawang pinaka-piniling dahilan sa iba't ibang hindi lubusang napaglilingkurang miyembro ng komunidad na sumasagot sa survey (**mga Asyano, Itim, Katutubo, Latino**, at **Taga-Isla Pasipiko**) at ang pinakamalaking hadlang sa mga sumagot sa survey na mula sa **Bayview** (71%) at **Inner Richmond** (63%).

Pagiging Available. Nais pa ng mga residenteng makakita ng higit pang mga serbisyo sa kabuuan sa kanilang mga komunidad, na may mga provider na nakakaunawa ng trauma (**Karahasan sa Tahanan, Bagong Dating**), may kaalaman sa kultura (**Latino, Katutubo**), at tumutugon sa wika, na may mga provider na kayang makipag-usap nang mabuti sa iba't ibang wika (**Latino, Arabe**). Mahalaga rin ito para tumugon ang mga serbisyong ito sa mga katangi-tanging pangangailangan ng bawat populasyon (halimbawa, **matatanda, mga taong may mga kapansanan, Transgender**).

Nagbanggit ng mga kalahok ng ilang solusyon upang mapabuti ang pag-access at koneksyon sa mga serbisyo:

- Gawing available ang mga serbisyo ng pagsasalin para sa lahat ng programa, at partikular na sa pag-navigate sa lungsod, pamamahala ng kaso, counseling sa DAHLIA, mga karapatan sa paggawa, mga programa ng pagsasanay, at Workforce Link, ang database ng San Francisco sa pagtutugma sa trabaho.
- Kumuha at magsanay ng mga indibidwal na bahagi ng komunidad para kumilos bilang mga interpreter at tagapagsalin.
- Pondohan ang mga lider ng pakikipag-ugnayan sa komunidad (halimbawa, Promotoras)
- Magkaloob ng mga espesyalista sa serbisyo o kinatawan na regular na pumupunta sa komunidad upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga available na serbisyo at tulong sa mga aplikasyon.
- Padaliin ang koordinasyon sa mga CBO at iba pang mga stakeholder ng komunidad.

- ❖ **Tinatampok sa mga natuklasan sa pakikibahagi sa komunidad ang kung paano malapit na nauugnay at nag-aambag sa siklo ng lumalaking agwat sa ekonomiya ang mas malalaking hamon at ugat na dahilan ng krisis sa abot-kayang pabahay ng San Francisco.** Ang pagpapaunlad at pagpapanatili ng abot-kayang pabahay at mga pagsusumikap para maiwasan ang mapaalis ng tirahan ay kailangang masamahan ng mga pagsusumikap na sumusuporta sa positibong kalidad ng buhay sa kabuuan—mga mapapanatili at de-kalidad na kondisyon at oportunidad sa trabaho, abot-kayang access sa pangangalagang pangkalusugan at pagpapaalaga sa anak, mga serbisyo at suportang nakabase sa komunidad, at pagpapanatili ng mga matagal nang residente at umuunlad na mga lokal na negosyo.

Mga Kagustuhan sa Pabahay

Noong tinanong tungkol sa mga pinakamahalagang tampok sa tirahan, ibinahagi ng mga miyembro ng komunidad ang mga sumusunod:

- Binanggit ang **Gastos** bilang pinakamahalaga para sa mga sumagot sa survey at sa kanilang mga pamilya (86%), na malapit na sinundan nang ayon sa **lokasyon** (74%). Ang iba pang mga tampok kabilang ang laki, pagiging malapit sa transit, at paradahan, ay ang nangungunang priyoridad para sa mababa sa isang-katlo ng mga sumagot. Gaya ng nakasaad sa mga magkakasabay na natuklasan, iba-iba ang feedback sa mga kagustuhan sa pabahay, kung saan nababanggit ang ilang priyoridad na partikular sa populasyon at nakikita bilang halos kasing-halaga ng pagpapaunlad ng mas maa-access at abot-kayang pabahay.
- Ang pagkakaroon ng mas malalaking **pamilya** at mga nakaugalian sa kultura na pabor sa inter- o multi-generational na pamumuhay ay binibigyang-diin ang pangangailangan para sa **mas malaking espasyong mga akomodasyon na may mas higit pang mga silid-tulugan/banyo at talampakang kuwadrado**.

- Bukod sa **natural na ilaw, ligtas, mga luntiang espasyo at mga parke at mga malalakarang komunidad**, gusto rin ng mga kalahok sa focus group at forum ng komunidad sa pangkalahatan ang **moderno, kumbinyente, at mga amenidad sa mga gusali o yunit**, kabilang ang mga washer at dryer, gym o mga espasyong panlibangan, mga coworking na silid at espasyo na pangkomunidad at/o naka-wire.

Ang mga partikular na tampok sa pabahay ay pinangalanan ng mga bahagi ng mga partikular na populasyon, tulad ng:

- Tinukoy ng mga kalahok ang **matatanda** bilang populasyong may potensyal na grupong uunahin, na sinasaad ang pangangailangan para sa matatanda na "tumanda sa lugar". Kasama sa mga tampok ang mga gumaganang elevator o mga yunit na nasa unang palapag sa mga bagong patayo, mga maiaakmang espasyo upang mabigyan ng akomodasyon ang mga higaang pang-ospital, rail at iba pang pantulong na suporta kung kailangan, at mga posibleng modelo ng paghahati ng tirahan upang suportahan ang mga antas ng kita at pangangailangan ng matatanda.
- Ipinahayag ng mga populasyon ng **LGBTQ** ang mga katulad na pangangailangan, para sa ibang mga dahilan. Binanggit ng mga miyembro ng focus group na **transgender** ang pangangailangan para sa mga elevator at rail at iba pang pantulong na suporta para sa mga operasyong nagpapatunay ng kasarian. Kabilang sa mga karagdagang mungkahi ang mga paghahati ng modelo ng tirahan na mabuti ang pagkakadisenyo at nakatuon sa pagkapribado para sa pagiging abot-kaya, at pabahay na ligtas para sa LGBTQ (sa pangkalahatan, at para sa mga mahigit 24 na taong gulang).
- Nagpahayag ang mga residenteng **dating nabilanggo** at iba pang nasa inatasang mga sistema ng paghahati ng tirahan (halimbawa, mga shelter para sa walang tirahan ng mga katulad na interes sa pagkapribado, kaligtasan at kalinisan, mga komprehensibo at lokal na serbisyo na sumusuporta sa mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip o mga kinakailangan sa terapiya, at positibong komunidad para suportahan ang kanilang kagalingan.
- Ang **pagiging malapit sa transit** ay pinangalanan bilang mataas na priyoridad para sa mga sumagot sa survey na **Taga-Isla Pasipiko** (67%) at sumagot **Asyano** (41%) kumpara sa iba pang mga sumagot na grupong panlahi/etniko, kung saan 20-29% lamang ang tumukoy sa pagiging malapit sa transit bilang priyoridad. Inirate ng mga sumagot sa survey na **genderqueer/non-binary** ang pagiging malapit sa survey bilang mas mahalaga kumpara sa ibang mga sumagot. Binanggit ito ng mga miyembro ng focus group na **LGBTQ at transgender** bilang mahalaga kung nakakaranas sila ng pang-emerhensyang pagtatalaga sa pabahay at para ma-access ang mga serbisyo sa-personal. Binigyang-diin ng isang kalahok sa focus group na **transgender** ang pangangailangan para sa transit para sa pabahay at suporta sa pangangalagang pangkalusugan na nakasentro sa LGBT, lalo na para sa mga indibidwal na transgender at hindi kumukumporme sa kasarian pagkatapos ng operasyong nagpapatunay ng kasarian.
- Ang **pagiging malapit sa trabaho** ay pinangalanan bilang medyo isinasaalang-alang para sa mga kagustuhan sa pabahay ng mga kalahok sa pakikibahagi ng komunidad. Pinangalanan sa feedback ang kawalan ng kakayahan ng mga empleyadong makayanan ang pagbabayad sa paninirahan sa San Francisco bilang lumalaking alalahanin, interes sa mga nabawasang oras ng pagbiyahe para sa higit pang oras sa pamilya, at "pagbibigay ng akomodasyon sa mga pangangailangan sa mobilidad na kasama sa pagtatrabaho sa mga sektor na nangangailangan ng sasakyan." Ito ay tinukoy bilang priyoridad na mas mataas sa mga sumagot sa survey na **Asyano** (35%) at **Taga-Isla Pasipiko** (33%).

Paggawa ng Abot-kayang Pabahay

Ang mas permanente at *tunay* na abot-kayang pabahay ang nangungunang priyoridad para sa karamihan sa mga kalahok sa pakikibahagi sa komunidad. 71% ng mga sumagot sa survey na **Itim**, at 64% ng mga sumagot na **Asyano**, na malapit na sinundan ng mga sumagot na **Latino** (58%) ang pinangalanan ang mas abot-kayang pabahay bilang mahalaga sa kanila at sa kanilang pamilya para makakuha o manatili sa tirahan sa San Francisco, kumpara sa 53% ng lahat ng sumagot sa survey.

- Ito man ay **pagpapatayo ng mga bagong yunit o pagpapalit sa mga kasalukuyang gusali**, tumingin ang mga kalahok sa lungsod na gumawa ng higit pa para gumawa ng mga opsyon, kabilang ang: paggamit ng mga bakanteng espasyo, pagpapalit sa mga gusaling pang-opisina at motel, pagbili (sa halip na pag-lease) ng mga ari-arian, at pagpapalawak ng mga programa at proseso na tumutulong sa pag-iwas na sapilitang mapaalis ang residente, mapaigting ang katatagan sa pabahay, pag-alok ng mga alternatibo sa pagpapatayo, madagdagan ang koordinasyon, at maalis ang mga hadlang sa mga bagong patayo (halimbawa: proseso ng pag-apruba sa Small Sites Program (SSP), ang Accessory Dwelling Unit (ADU) approval process, higit pang koordinasyon sa HSH at DPH, at paghimok sa Planning Commission na kumilos nang mas mabilis sa mga aplikasyon). Nakikita ng mga kapitbahayan na may mga bagong yunit kamakailan (**Bayview, Embarcadero, Mission, Tenderloin, Visitacion Valley**) ang mga ito bilang positibo, ngunit madalas pa ring nakikita ang pangangailangan para sa mas abot-kayang pabahay.
- Ang pangangailangan para sa **mga ari-arian para sa may katamtaman o panggitnang kita at magkahalong kita** ay binanggit din ng ilang kalahok.
- Gaya ng nabanggit sa itaas, hiniling din ng mga kalahok ang **abot-kayang pabahay na inilaan sa mga partikular na populasyon** tulad ng **matatanda, mga beterano, kabataan na nasa transisyonal na edad (TAY)**, mga guro sa SFUSD at iba pang mga kawani ng pamahalaan, **mga taong may mga kapansanan, mga taong may sakit sa pag-iisip**, at mga taong may kasaysayan ng kawalan ng tirahan.

Pagpapanatili ng Abot-kayang Pabahay

Pinangalanan ng mga kasalukuyang residente ng mga yunit ng abot-kayang pabahay ang mga gusaling **kinakailangang makumpuni, sira-sira, at hindi namementina nang maayos**. Bukod sa pagpopondo para sa pagkukumpuni sa mga sistema ng kuryente at HVAC at upang mapalitan ang pinturang may lead, binanggit din ng mga residente ang pangangailangan para sa ini-update na labahan, espasyo sa labasan, mga lugar na laruan ng mga bata, at mga gym.

- Ang mga partikular na pagbanggit sa mga **SRO na hotel** kung saan inilalarawan ang mga ito bilang **hindi sapat na mga solusyon sa pabahay** ng mga miyembro ng komunidad, na may kakulangan sa pagkapribado, espasyo ng kusina at banyo, at pagkakaroon ng maraming tao bilang mga pag-aalala. Malamang na makinabang ang mga residente ng SRO sa pinagtutuunang suporta para sa naaangkop at higit pang solusyon sa permanenteng sumusuportang pabahay, na may isang kalahok sa focus group na inilalarawan ang mga SRO bilang itinuturing na "isang uri ng matatag na pabahay, ngunit pakiramdam ng ilan sa aming mga kliyente ay hindi matatag ang ganoong uri ng yunit...maaaring nakakasakal dahil maliit ang mga SRO... [kailangan ng mga tao ng] pabahay na nagbibigay ng dignidad."

Ang malalaking gastos sa pagpapanatili at ang kakulangan sa abot-kaya at mataas na kalidad na kontratista ay malaking hadlang para sa mga may-ari ng tirahan na mababa ang kita. Ang mga tubero, elektrisyan, nagpipintura, at mga taong nagkukumpuni ay madalas na napakamahal para kunin ng mga may-aring nasa Singil na Mababa Kaysa sa Merkado (BMR). Inirekomenda ng isang sumagot sa survey ang pagbibigay ng listahan ng mga nasuring taong nagbibigay ng serbisyo.

Mga Subsidyo sa Upa

Napakataas ng upa sa buong San Francisco para sa maraming residente, lalo pa, para sa *parehong* komunidad na mababa at katamtaman ang kita. Sa kabila ng maikling pamamahinga, sa mga nagtapos na ngayong programa at patakarang available noong panahon ng pandemya, ang mga residente ay muling nahihirapan na mabayaran ang pabahay sa San Francisco.

- **Ang mga subsidyo sa upa, habang nakikita bilang mahalagang serbisyo, ay hindi sapat at panandaliang uri ng suporta** gayong kritikal na kinakailangan ang mga opsyon sa pangmatagalan at permanenteng abot-kayang pabahay. Bukod dito, pinangalanan ng mga kalahok ang mga hadlang sa paggamit ng mga subsidyo,

na binabanggit ang diskriminasyon ng nagpapaupa o mga direktang pagtanggap sa mga subsidyo at mga voucher. Idinagdag din ng isang sumagot sa survey ang pangangailangan para sa higit pang mga subsidyo, na iminumungkahi ang "mga diskwentong panggrupo" o mga subsidyo para sa mga serbsiyong lungsod tulad ng kuryente, tubig, at paradahan para sa mga residente ng abot-kayang pabahay. Binanggit ng mga sumagot sa survey at kalahok sa focus group na **Katutubo** (85%) ang mga subsidyo sa upa bilang priyoridad, na binabanggit ang mga para sa malalaking pamilya bilang partikular na mahalaga, na malapit na sinundan ng mga **Itim** (83%) at mga sumagot na **Taga-Isla Pasipiko** (83%), kumpara sa 68% ng mga sumagot sa kabuuan. Kung ayon sa kapitbahayan, ini-rate ng 89% ng mga sumagot sa survey sa **Tenderloin** at ng 79% sa **Bayview** ang mga subsidyo sa upa bilang mahalaga.

- **Sa tingin ng mga miyembro ng komunidad ay napakataas ng mga pamantayan sa abot-kayang pabahay (50% at mas mataas pa ng Karaniwang Kita sa Lugar (AMI)).** Binigyang-diin ng maraming kalahok sa forum ng komunidad, focus group, at survey na ang pinakamalaki ay dapat maging 30% ng netong kita.
- **Ang mga insentibo para suportahan ang kakayahan ng mga nagpapaupa na mag-alok ng abot-kayang upa ay iminungkahi bilang hindi pa nagagamit na paraan para mapaingting ang pagiging abot-kaya.** Inilarawan ng ilang sumagot sa survey ang mga positibong insentibo (halimbawa, mga subsidyo sa mortgage o mas mabababang buwis sa ari-arian) at pag-alis ng insentibo tulad ng mga buwis sa pagkabakante o mga buwis para sa house sharing (halimbawa, para sa mga kumpanyang tulad ng AirBnb, Sonder).

Pang-emerhensyang Tulong sa Upa at mga Serbisyo para Maiwasan ang Mapaalis ng Tirahan

Ibinahagi ng mga kalahok sa pakikibahagi sa komunidad na ang **pang-emerhensyang tulong sa upa** ay ang napakahalagang serbisyo, ngunit nangangailangan ito ng pagpapabuti, na itinatala na ang proseso ng aplikasyon at pagsasapanahon ay mahirap para sa mga taong nakakaranas ng krisis. Sa lahat ng sumasagot sa survey, ang pang-emerhensyang tulong sa upa ay ang pangalawang pinakamataas na nai-rate (sinabi ng 66% na mahalaga ito, pagkatapos ng mga subsidyo sa upa, 68%). Sa pagtingin sa mga sagot ayon sa lahi, sinabi ng malaking porsiyento ng mga sumagot sa survey na **Katutubo**, **Taga-Isla Pasipiko**, at **Itim** na mahalaga ito (83-85%).

Sa mga nangungupahan na nanganganib na mapaalis ng tirahan, kabilang ang mga nagbabanggit ng madalas na pang-aabuso o panghahas tulad ng mga residente ng mga apartment na kontrolado ang upa, ang mga residenteng **Transgender** at **Queer**, at ang **mga residenteng may mga kapansanan, ay lubos na makikinabang sa counseling at iba pang mga legal na serbisyo.** Ini-rate ng humigit-kumulang dalawang-katlo ng **mga sumagot sa survey na hindi puti** ang mga legal na serbisyo para maiwasan ang mapaalis ng tirahan (tulad ng pagpupulong na may tagapamagitan at representasyon) bilang mahalaga kumpara sa mas mababa sa kalahati ng sumagot sa survey na puti (47%). Gayunpaman, sa pangkalahatan, nararamdaman ng mga residente na ang mga serbisyong ito ay nangangailangan ng pagpapabuti, na nananawagan sa mas malinaw na mga proteksyon sa nangungupahan at mas malaking koordinasyon sa pagitan ng lungsod at mga provider.

Kontra sa Sapilitang Pagpapaalis sa Lugar

Sinusuportahan ng mga pangmatagalang residente ang mas umigting na mga pagsusumikap ng MOHCD na suportahan silang manatiling may tirahan sa lungsod. Nararamdaman ng mga matagal nang residenteng mababa at katamtaman ang kita na hindi nila kayang magbayad para manatili sa SF at aktibong napapaalis sa tirahan dahil sa mga bagong pagpapaunlad at mga residenteng mas mataas ang kita. Bagaman may mga kagustuhan sa loterya sa pabahay na nilalayan upang matulungan ang mga partikular na residente at manggagawa sa San Francisco na ma-access ang abot-kayang pabahay, mukhang hindi gumagana ang sistema ng loterya – ang mga residenteng nag-apply ay naghihintay na ng maraming taon para maitalaga.

Kinakatakot ng maraming residente ang mapaalis dahil sa pagtaas ng upa pati na rin ng mga abusadong nagpapaupa. Mahalaga para sa MOHCD na patuloy na mag-invest sa at mapabuti ang mga programa ng tulong sa

upa at proteksyon sa upa. Gaya ng tinalakay sa itaas, napakataas ng upa sa buong lungsod para sa mga residente (mababa at katamtaman ang kita), kahit ang mga may subsidyo. Kinakatakot ng maraming residente ang mapaalis ng "mga tagalabas" na lumilipat sa komunidad at nagpapataas sa mga upa. Gusto ng mga residenteng gumawa ng higit pa ang MOHCD upang maiwasan ang mapaalis (ito ang mga, **Itim** at **Latino**). Higit pang pinalalala ng pang-aabuso ng nagpapautang ang isyu ng matataas na upa. Nagkuwento ang mga residente ng tungkol sa mga nagpapaupa na nanghahas sa kanila o hindi napapanatili ang pagmementina. Habang naghahandog ang MOHCD ng mga legal na serbisyo para maiwasan ang mapaalis ng tirahan, pati na rin ang mga programang tulong sa nangungupahan at nagpapaupa, ini-rate ang mga programang ito bilang nangangailangan ng pagpapabuti ng karamihan sa mga kalahok sa forum ng komunidad. Ang mga residenteng kayang manatili, ay nagrereklamo tungkol sa mga kaibigan o pamilya na napaalis (lalo na ang kanilang mga anak na hindi na kayang manirahan sa San Francisco).

Mga Oportunidad sa Pagmamay-ari ng Tirahan

Ang umuusbong na priyoridad ay ang **dagdagan ang mga oportunidad para sa mga partikular na populasyon o residente na humaharap sa mas malalaking balakid sa pagmamay-ari ng tirahan.** Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, **beterano, guro, bumibili ng tirahan sa unang pagkakataon, Native** o **Katutubong** residente, at **Itim** na residente ay binanggit bilang mga potensyal na benepisyaryo, kasama ang pangangailangan para sa alternatibo o binagong pamantayan o pagkilos na nauugnay sa mas flexible na hinihingi sa kredito, mas mababang buwis sa ari-arian, mga kasunduan sa pag-upa hanggang sa pagmamay-ari, mga oportunidad para magamit ang mga loan ng Veterans Affairs, at mga eksperto o workshop na naghahandog ng suporta sa proseso.

- **Napakataas ng mga singil ng Homeowners Association (HOA) para sa mga ari-ariang BMR.** Itinala ng isang sumagot sa survey na ang mga singil ay madalas na katumbas ng mga singil sa merkado at pinapatawan ng mga taunang pagtataas, ay isang dagdag na balakid para sa pagmamay-ari ng tirahan para sa maraming residente na uring manggagawa.
- **Kinuwestiyon ng ilang sumagot sa survey at mga kalahok sa forum ng komunidad kung sino ang nakikinabang sa Programa ng Pagpapautang na Tumutulong sa Downpayment (DALP),** na humihingi ng higit pang paglilina at komite ng pangangasiwa upang makatulong sa pagtitiyak na nakikinabang ang mga nilalayong populasyon at residente. Pinili ng mahigit 30% ng mga sumagot sa survey na **Itim, Katutubo,** at **Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asya/Hilagang Aprikano** ang "tulong sa down payment" bilang kinakailangan para sila o ang kanilang pamilya ay makakuha o manatili sa tirahan sa San Francisco. Tinukoy ng mga kalahok sa focus group ng **Taga-Isla Pasipiko** na ang pagmamay-ari ng tirahan, pagbuo ng yaman at equity ng pamilya, at ang kakayahang maipamana ang equity sa kanilang pamilya bilang lubos na ninanais at hindi ang kasalukuyang realidad.

Access sa mga Programa at Serbisyo sa Pabahay

Gaya ng nabanggit sa mga magkakasabay na natuklasan, susi sa pagpapabuti ng access sa pag-upa at pagmamay-ari ng tirahan ang pagpapadali para sa lahat at pagbawas sa mga hindi kinakailangang balakid.

- **Nararamdaman ng maraming kalahok, kabilang ang mga pinagtutuunang populasyon na ang sistema ng loterya para sa pagtatalaga sa abot-kayang pabahay ay hindi epektibo, napakabagal, at hindi malinaw.** Inulat ng mga kalahok na ang mga proseso ng pagtatalaga sa abot-kayang pabahay ay may napakaraming balakid at napakabagal, kung saan inilalarawan ng mga residente ang pangangailangang mag-apply ng napakaraming beses, paghihintay mula lima hanggang mahigit 30 taon, at hindi na kailanman makakarinig ng anumang bagay tungkol sa katayuan ng aplikasyon.
- Inilalarawan ng mga kalahok ang **mahihirap na kinakailangan** tulad ng kasaysayan ng kredito, kasaysayan ng pag-upa, katibayan ng trabaho ng tatlong taon, at pinakamababang buwanang suweldo na \$3000 bilang napakalaking hadlang para sa napakaraming residente.
 - Binigyang-diin ng isang kalahok sa focus group sa **Mission** ang kakulangan ng kredito sa mga imigrante, na ginagawang mahirap ang pabahay.

- Sinabi ng mga kalahok sa focus group na **Asociacion Mayab**, na pinaglilingkuran ang komunidad ng Yucatec Maya, na ang mga balakid na ito ay pumipigil sa mga miyembro ng komunidad na makakuha ng pabahay.
- Isang kalahok sa focus group ng **mga provider sa karahasan sa tirahan** ang sinuportahan ang mas flexible na kinakailangan para sa kredito dahil sa mga krisis ng mga residente na posibleng magresulta sa mga problema sa pananalapi at kredito.
- Kabilang sa mga dagdag na hamon sa proseso ng aplikasyon ang **kakulangan sa tulong para sa maraming wika, kabuuang halaga ng pagdodokumento, at matataas na singil**. Sa pangkalahatan, humihiling ang mga residente ng mas higit pang mga serbisyo sa counseling at wika upang suportahan ang pag-apply para sa pabahay na pinauupahan at loterya.
 - 95% ng mga kalahok sa forum ng komunidad **sa lahat ng kapitbahayan** ay ini-rate ang "suporta sa pabahay na pinauupahan (halimbawa, edukasyon sa pabahay, tulong sa aplikasyon)" bilang "Mahalaga."
 - Naobserbahan at nabanggit ng mga kalahok sa focus group ng komunidad ng **Arabe** ang mga pattern ng mga indibidwal at pamilyang nagsasalita ng Arabe na pinili sa loterya, ngunit, dahil sa kakulangan ng tulong sa wika mula sa namamahala ng ari-arian, ay hindi nakatanggap ng pabahay.
- **Ang mahihigpit na patakaran at regulasyon tulad ng mga limit sa kita o asset** ay nagdudulot sa mga residenteng maramdaman na hindi sila makausad kapag sinusubukan nilang makakuha ng mas magagandang trabaho o kumita ng mas maraming pera. Partikular na pinag-usapan ng mga kalahok sa forum ng komunidad ng **Bayview** ang tungkol sa kung paano natatakot ang ilang indibidwal na kunin ang mga trabahong nagbabayad ng mas malaki dahil maaaring mawalan sila ng tulong sa pabahay. Dito sila mas nahihirapang sumulong at, posibleng mapanatili ang matatag na lugar na matitirhan.
- Para sa mga populasyong naghihikahos o mahina, **maaaring hindi sapat ang pag-access para malampasan ang mga hamon sa paghahanap ng mga akomodasyong ligtas at mapapanatili**. Halimbawa, inilarawan ng mga kalahok sa focus group ng **LGBTQ** at **Transgender** ang pagharap sa madalas na panghaharas ng mga kapitbahay, nagpapaupa, tagapamahala ng ari-arian at naghahangad ng mas mabilis na mga proseso upang lumipat sa iba pang mga yunit ng abot-kayang pabahay na wala ang mga parehong balakid na pang-administratibo na iyon (halimbawa, bago mabuksan ang loterya, sa pangkalahatan).
- **Ang mga onsite na serbisyo upang suportahan ang mga residente sa pagpapanatili ng kanilang tirahan at sa huli at magtransisyon sa mas permanenteng pabahay ay prioridad sa mga residente ng pabahay na may subsidyo**. Binanggit ng mga kalahok ang pangangailangang kumuha, magsanay, at magpanatili ng mga de-kalidad na tauhan; pamamahala ng kaso, kalusugan ng pag-iisip, at mga serbisyo ng paggaling sa adiksiyon; mga serbisyo sa trabaho at pagsasanay, at mas mabuting koordinasyon sa mga serbisyo at provider sa komunidad. Mapapakinabangan din ng mga residente ng SRO ang suporta sa pag-apply para sa abot-kayang pabahay.

Mga Oportunidad na Trabaho

Ang pangangailangan para sa higit pang oportunidad sa trabaho ay ang paulit-ulit na tema sa lahat ng kalahok sa survey, forum ng komunidad at focus group, kung saan 35% ng mga sumagot sa survey ay nakakaranas ng mga hamon sa pagkuha o pagpapanatili ng trabaho. Sa mga sumagot na iyon na nakakaranas ng mga hamon, ang mga suportang pinakatinukoy ng mga sumagot na makakatulong ay: pagsasanay para sa kasanayan sa trabaho (39%); tulong sa paghahanap ng trabaho (38%); at suporta sa resume at aplikasyon (36%). Gaya ng binanggit sa itaas sa mga magkakasabay na natuklasan, hinikayat ng mga kalahok ng forum ng komunidad at focus group ang **pag-aakma ng mga serbisyo sa mga partikular na populasyon**, kabilang ang:

- **Mga kabataan** at mga taong may kaunti kanggang sa walang karanasan sa trabaho; **matatanda** at **mga taong may mga kapansanan**; **mga imigrante** at **mga manggagawang walang dokumento**.

- Binanggit ng mga kalahok sa **transgender** na focus group at sumagot sa survey ang **mga sentro ng trabaho at mga serbisyo ng kahandaan sa trabaho** bilang mahalagang serbisyo sa pagkuha, pagpapanatili, o pag-unlad sa trabaho.
- Inulat ng mga residenteng **Asyano, Itim, Taga-Gitnang Silangan/Taga-Kanlurang Asya/Taga-Hilagang Aprikano**, at **Taga-Isla Pasipiko** na nakakaranas sila ng mas malalaking hamon sa pagkuha o pagpapanatili ng trabaho (48-54%) kumpara sa mga Puting residente (21%).

Prioridad sa lahat ng grupong kalahok ang **mga trabahong nagbabayad ng makakapamuhay na sahod at mayroong mga oportunidad para umunlad**. Ang mga kalahok sa pakikihagi sa komunidad ay **nakikita ang hindi nagbabagong pagsubaybay sa mga referral at pagtatalaga sa trabaho** bilang mahalaga sa pagsasakatuparan ng matatag at mapapanatiling pabahay.

Pagpapaunlad ng Kasanayan at mga Mapagkukunan sa Pagsasanay

Ipinapahiwatig sa mga natuklasan sa pagpapaunlad ng manggagawa na patuloy na prioridad na aspetong pagtutuunan ang edukasyon at pagsasanay.

- Tinukoy ng **mga sumagot sa survey na kasalukuyang may trabaho** ang mga suporta na makakatulong sa kanilang mapanatili ang kanilang mga trabaho o sumulong sa kanilang karera: ang mga may bayad na pagsasanay sa trabaho ay tumaas (40%). Tinukoy rin ang mentorship/coaching, at flexible na iskedyul ng pagsasanay (halimbawa, sa gabi, mga araw ng Sabado at Linggo, at online) bilang mahahalagang suporta ng 36% ng mga sumagot na kasalukuyang may trabaho. Pinili rin ng humigit-kumulang isang-katlo ang tungkol sa mga available na oportunidad sa pagsasanay o edukasyon (32%) at mga pagsasanay na ibinibigay ng employer (31%).
- Tinukoy ng mga miyembro ng komunidad ang **mga may bayad na oportunidad at abot-kayang (mura o walang bayad) edukasyon** bilang mga kailangang-kailangang mapagkukunan. Ang mga programang tulad ng CityBuild Academy (programa ng konstruksyon bago ang apprenticeship) ng CCSF at programa ng pagsasanay pagsulong sa karera ng kustodyan ng UCSF ay nabanggit bilang mga matagumpay na halimbawa.
- Higit pang **mga pagsasanay para sa mga bokasyonal na kasanayan**, mga pagsasanay na pinagtutuunan ang mga residenteng **TAY, kababaihan, at BIPOC**, at **pagsasanay na partikular sa trabaho** tulad ng pangangalagang pangkalusugan, computer, at kasanayan sa wika ay binanggit bilang mahahalagang pangangailangan.

Kaalaman sa Aspetong Digital

Nabanggit ang pagpapabuti sa mga serbisyo at pagsasanay sa aspetong digital bilang mga partikular na hadlang para makakuha ng mga serbisyo ang mga miyembro ng komunidad. Binanggit ng mga kalahok sa forum ng komunidad at focus group na ito ay maaaring partikular na mapaghamon para sa **matatanda** na walang kinakailangang kasanayan na magagamit sa mga online na platform para ma-access ang mga serbisyo (halimbawa, DAHLIA o Workforce Link). Gaya ng nabanggit sa itaas, binibigyang-diin ng mga miyembro ng komunidad na **hindi nagsasalita ng Ingles** ang pangangailangan para sa mas mabuting pagsasalin ng mga serbisyong digital.

Kaalaman sa Pananalapi

Hindi nabanggit ang kaalaman sa pananalapi sa mga focus group nang madalas kumpara sa iba pang mga serbisyo (halimbawa, pagtatalaga sa trabaho at pagsasanay), ngunit mataas pa rin ang pagkaka-rate dito sa aktibidad ng pagbibigay ng prioridad sa mga forum ng komunidad at mahigit sa kalahati ng mga sumagot sa survey (61%). Nabanggit ng mga kalahok ang pangangailangan para sa pangkalahatang pagpapabuti sa mga pinansyal na serbisyong inihahandog, pati na rin ang suporta upang maging o mapanatili ang sariling kabuhayan.

Mga Sibil na Legal na Serbisyo

Ang mga legal na suporta para sa mga imigrante, nangungupahan, at manggagawa ay madalas na binabanggit na pangangailangan sa mga kalahok sa pakikibahagi sa komunidad. Madalas na nabanggit ang mga legal na serbisyo para sa pagpapaalis ng tirahan bilang pangangailangan para sa mga residente **sa lahat ng kapitbahayan** at sa mga residenteng **Transgender** at **Queer**. Gaya ng binigyang-diin sa mga magkakasabay na natuklasan, ang naka-target na legal na suporta ay kailangan upang maprotektahan ang **mahihinang manggagawa** (mga manggagawang walang dokumento at mababa ang sahod) mula sa masamang pagtrato ng employer. Ini-rate ng 94% ng mga kalahok sa forum ng komunidad **sa lahat ng kapitbahayan** ang mga Legal na Serbisyo (halimbawa, adbokasiya sa mga benepisyo, proteksyon sa mamimili, batas na pampamilya, mga karapatan ng mga manggagawa) bilang mahalaga. Ang mga legal na serbisyo (kabilang ang mga proteksyon para mapahinto ang mga negosyo sa mga gawaing hindi patas, mapanlinlang, o mapanloko) ay tinukoy ng **mga sumagot sa survey na hindi nagsasalita ng Ingles**¹ bilang pinakamahalagang serbisyo o suportang inihahandog ng MOHCD. Mabuti na lamang, ang Open Door Legal (ginawaran ng MOHCD) ay nagbibigay ng mga kailangang-kailangang serbisyo sa mga miyembro ng komunidad.

Mga Serbisyonang Nakabase sa Komunidad

Sa kabuuan, ang mga kalahok sa pakikibahagi sa komunidad ay nagbahagi ng malalim na pangangailangan para sa nadagdagang pag-access sa mga serbisyo sa pabahay at trabaho, gaya ng nabanggit sa mga kaparehong natuklasan. Gayundin, nagsalita ang mga kalahok hinggil sa kahalagahan ng pagbibigay ng higit pang suporta sa mga pangunahing aspeto, partikular na sa pagpapaalaga ng anak at pangangalagang pangkalusugan, na nauugnay sa kakayahan ng mga miyembro ng komunidad na makakuha ng pangmatagalang pabahay at trabaho.

Ang mga CBO ay susi sa kayarian ng komunidad; gayunpaman, wala silang kapasidad at hindi laging napapanahon ang kaalaman sa mga programa at serbisyo para suportahan ang mga residente. Pinasasalamatan ng mga residente ang mga kongkretong suporta (halimbawa, pagkain, mga bakuna, at iba pang mga pangangailangan) na inihahandog ng mga CBO. Pinahahalagahan din ang mga CBO bilang lugar na mapupuntahan ng mga residente para sa impormasyon tungkol sa mga benepisyo at serbisyonang makukuha nila. Gayunpaman, walang sapat na pagpopondo ang mga CBO para matugunan ang mga hinihinging serbisyo, nabawasan o nawalan ng tauhan dahil sa mabababang sahod at mataas na gastos sa pamumuhay sa lugar, at sa pangkalahatan ay walang kakayahan na suportahan ang maraming wika sa komunidad. Paminsan-minsan, limitado ang mga CBO sa pag-unawa sa kung anong mga serbisyo ang matatanggap ng mga residente, mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, at kung paano matagumpay na mag-apply.

Nabanggit ang mga pag-invest at pagbuo ng kapasidad para sa mga organisasyon na nakabase sa komunidad (lalo na ang mga nasa komunidad na kumakatawan sa mga tao sa komunidad) bilang priyoridad sa lahat ng focus group, sumagot sa survey, at sa mga forum ng komunidad sa **Bayview, Chinatown, Excelsior, Mission, SOMA, Sunset, Tenderloin, at Visitacion Valley**. Binigyang-diin ang priyoridad para sa mga CBO na ito na nasa komunidad at pangmatagalan kumpara sa mga "tagalabas" na nonprofit na maaaring mas hindi pamilyar at mas kaunti ang kredibilidad sa mga matagal nang residente. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng mga suporta na mapapakinabangan ng mga CBO:

- **Higit pa, pangmatagalan, at maa-access na pagpopondo** para sa mga pangkalahatang operasyon (lalo na ang mga suweldo ng mga tauhan na nakakaakit/nagpapanatili ng tauhan) at mga pagpapabuti ng kapital, hindi lamang mga serbisyo. Binanggit din ng ilang sumagot ang kahalagahan ng pagpapasimple ng proseso ng pagpopondo. Ang mga RFP ay nangangailangan ng maraming panahon para makumpleto, na hindi

¹ Hindi kasama sa datos na ito ang mga sagot mula sa mga sumagot na nagsasalita ng Ingles dahil ang katugmang tanong (3b. Gaano kahalaga ang mga serbisyonang ito sa iyo at sa iyong pamilya? Iba pang mga legal na serbisyo - halimbawa, adbokasiya sa mga benepisyo, proteksyon sa mamimili, batas na pampamilya, mga karapatan ng mga manggagawa) ay hindi isinama sa bersiyong Ingles ng survey.

nakapanghihikayat sa ilang CBO na mag-apply – lalo na sa mga may limitadong bandwidth. Maaari ring makompromiso ng mga pagkaantala sa pagpopondo ang mga operasyon ng CBO.

- Pag-invest sa **kolaborasyon at pagtitipun-tipon** sa pagitan ng mga ahensya ng lungsod at CBO, at sa mga CBO. Natutulungan nito ang mga CBO na malaman kung anong mga serbisyo ang ipinagkakaloob ng iba at maaaring mapabuti ang pag-uugnay ng serbisyo, na binigyang-diin bilang mahalaga sa mga magkakasabay na pangangailangan at alalahanin.

Mga Pamublikong Espasyo

Ang mga malinis, ligtas, maa-access na pampubliko/pangkomunidad na espasyo (halimbawa, mga parke/mga sentrong panlibangan, luntian, pangkomunidad, mga espasyong pangkomunidad) **ay madalas na binabanggit na priyoridad sa lahat ng forum ng komunidad at focus group.** Binigyang-diin ng ilang kapitbahayan ang mga espasyong ito bilang mga asset sa kanilang komunidad (**Visitacion Valley, Western Addition, Sunset/Parkside**), bagaman ang ilang espasyo ay maaaring makinabang sa mas mabuting pagmementina o mga upgrade. Ipinahayag ng ibang mga kapitbahayan ang mahalagang pangangailangan para sa mga parke/mga espasyong pangkomunidad/pangkultura (**Excelsior, Mission, OMI, SOMA, Tenderloin, Visitacion Valley**) at ang iba naman ay ipinahayag ang pangangailangan para sa mga espasyo/kalye na ligtas at malinis (iyon ay, mula sa basura, bandalismo, lantarang paggamit/pagbebenta ng droga, mga pagkakampo ng mga walang tirahan) (**Mission, SOMA, Tenderloin, Visitacion Valley**), na siya ring magkakasabay na natuklasan.

Partikular na kritikal ang mga sentrong pangkomunidad dahil nagsisilbi ang mga ito bilang mga pangunahing puntahan kung saan ang mga residente ay nakakakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo at naa-access ang mga mapagkukunan. Ang mga sentrong pangkomunidad ay nagbibigay rin ng mga espasyo para sa mga grupong may magkakaparehong pagkakakilanlang panlahi/pang-etniko na magtipun-tipon, bumuo ng komunidad, at ma-access ang mga serbisyong iniakma sa kanilang komunidad. Ang mga komunidad na nagsalita tungkol sa pangangailangan sa pangunahing puntahan o sentro sa kanilang komunidad (o mga upgrade sa kasalukuyang sentro) kabilang ang mga forum ng komunidad at focus group ng **Excelsior at Visitacion Valley** para sa **Dyaspورا ng Aprikano** at **mga nagsasalita ng Ruso.**

Mga Lokal na Negosyo at Pangkomersyong Koridor

Ang pagsuporta sa maliliit at lokal na negosyo na naglilingkod at kumakatawan sa kasalukuyang komunidad ay priyoridad sa mga residenteng pakiramdam ay sapilitan silang napapaalis. Sa karamihan sa mga kapitbahayan, ang mga espasyong retail at pangnegosyo ay hindi nakabangon mula sa pandemya. Gayunman, gusto ng mga residenteng hindi puti (**Latino, Katutubo, Itim, Asyano**), na mapunan ang mga espasyong ito ng maliliit at lokal na negosyo na pinaglilingkuran ang kanilang mga pangangailangan at kumakatawan sa kanilang komunidad—partikular na, ang maliliit na negosyong pag-aari ng mga taong hindi puti o na mga negosyong naglilingkod sa komunidad at matagal nang itinatag.

- Ibinahagi ng mga miyembro ng forum ng komunidad ang mga halimbawa ng **teknikal na tulong** na makakasupporta sa maliliit na negosyo halimbawa, eksperto/may espesyalidad na tulong para magsimula o magpanatili ng negosyo o upang matutunan ang mga makabagong gawaing pangnegosyo, o mga mapagkukunan para gumawa ng mga upgrade sa negosyo. Iminungkahi ng kalahok sa aming forum ng komunidad ang pagpapalawak ng mga programang Business Accelerator tulad ng mga sinusuportahan ng DreamKeeper.

Sa lahat ng forum ng komunidad, **madalas na napapag-usapan ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga umuunlad na lugar na pangkomersyo.** Tinalakay ng mga residente mula sa ilang kapitbahayan ang mga nagpapatuloy na epekto ng pandemyang COVID-19 sa mga negosyo (**Chinatown, Excelsior, Mission, OMI, Portola, SOMA, Sunset, Tenderloin**). Maraming espasyong retail at pang-opisina ang nananatiling sarado, at marami pang iba ang patuloy na

halos hindi makabangon. Partikular na hinahangad ng mga residente ang suportahan ang maliliit at lokal na negosyo, at mga serbisyong retail para sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng mga grocery (**Tenderloin**) at parmasya (**Excelsior**). Hinihikayat din ang ilang residenteng mag-invest sa negosyong nag-aambag sa masiglang nightlife. Sa isang kapitbahayan, **sa Chinatown**, ang limitadong bilang ng mga negosyong nananatiling bukas pagkatapos ng 5pm, ay nagpapakita ng kakulangan ng mga taong naglalakad na binanggit sa magkakaparehong natuklasan hinggil sa kaligtasan, at inilalarawan bilang pagpapakita ng takot na nakabara sa komunidad na ito dahil sa pagtaas ng mga krimen ukol sa pagkamuhi sa mga Asyano.

Pakikibahagi ng Komunidad sa mga Pagsusumikap sa Pagpaplano

Pinangalanan ng mga komunidad ang kahalagahan ng kanilang pakikibahagi sa pagpaplano at pasasalamatang mga oportunidad at mapagkukunan para sa napaigting na pakikibahagi ng komunidad. Binanggit ng ilang miyembro ng komunidad ang mga pagpupulong ng komunidad at pakikibahagi bilang asset (halimbawa, ang nagtipun-tipon sa ika-11 distrito sa **OMI** ay binanggit bilang nagbibigay ng boses ng komunidad). Ibinahagi ng ibang mga miyembro ng komunidad (sa **Bayview at Tenderloin**) ang alalahanin tungkol sa antas ng pakikibahagi ng kanilang komunidad at ang pangangailangan para sa higit pang mga forum ng komunidad o mga pagtitipon ng kapitbahayan. Isinama sa mga ideya sa kung paano mapapaigting ang pakikibahagi ng komunidad ang: mga insentibo (libreng pagkain, raffle), pag-imbita sa mga lider ng lungsod o "mga superbisor" na dumalo, at pagsasanay/pagkakaroon ng mapagkukunan para sa mga lokal na lider ng komunidad. Ang mga kalahok sa focus group ng **Latino Parity and Equity Coalition (LPEC)** focus group ay may mga ideyang may posibleng magandang kahihinatnan na ibabahagi hinggil sa paksang ito (tingnan ang mga sinabi sa ibaba).

Pagbuo ng Komunidad

Ibinahagi ng mga kalahok sa mga focus group ng LPEC, Konseho ng API Council, Dyaspora ng Aprikano, at Katutubo ang ilang pananaw tungkol sa kahalagahan ng pagbuo ng komunidad para sa pagkakaisa ng komunidad at pagpaplano ng komunidad. Partikular na, ibinahagi ng mga grupong **Dyaspora ng Aprikano** at **Katutubo** ang pagnanais na buuin ang lakas at pagkakaisa ng komunidad sa pamamagitan ng pagtatakda ng sarili nilang mga Distritong Pangkultura upang magkaroon sila ng lugar kung saan makikita nila ang kanilang mga sarili at bumuo ng mas malaking kakayahan. Bukod sa mga sumusuportang serbisyo sa wika at mga tampok sa komunidad tulad ng mga sentrong pangkultura at pangkomunidad, mga palaruan, isang computer room na pangkomunidad para sa paaralan at negosyo, at mga palanguyan, tinukoy ng focus group ng Dyaspora ng Aprikano ang kanilang mga pangangailangan at interes bilang pagsuporta para sa mga lokal na nakabaseng pagbuo ng komunidad nang sa gayon ay mas prominente sa lungsod ang kanilang mga pangangailangan.

Mga Aspeto ng Programa na Hindi MOHCD

Kaligtasan

Ninangalanan ng mga stakeholder ng San Francisco ang isang maunlad at kasali lahat ng komunidad ngunit hinaharap ang mga patuloy na alalahanin sa kaligtasan. Ang mga alalahaning ito ay nag-iiba sa lahat ng demograpiko, kung saan ang kaligtasan ang pangunahing salik sa pagpapanatili ng mga residente at mahalaga para sa mga pamilyang may mga anak at mga nakikihati sa mga espasyo (halimbawa, mga nasa kahating Single Room Occupancy (mga SRO) o nasa mga shelter para sa mga walang tirahan). Inilalarawan ng mga kalahok ang mas kaunting dumadaan dahil sa COVID, mga pagsasara ng mga negosyo, at mga pananaw sa nadagdagang aktibidad na may kinalaman sa droga at mga pagkakampo na humaharap sa mga bangketa bilang mga pangunahing alalahanin sa kaligtasan. Ang mga residente ng permanenteng suportadong pabahay ay nagsusulong para dagdagan ang mga walang armas na pagpapatrolya sa mga kalye sa gabi. Sa pangkalahatan, inilalarawan ng mga kalahok ng forum ng komunidad ang "kaligtasang pangkomunidad" bilang mahalaga para makakuha ng naaangkop at pinakamainam na pabahay at ang pangunahin sa pagpapaunlad at katatagan ng komunidad.

Kawalan ng Tirahan

Nahaharap ang San Francisco sa tumataas na halaga ng pag-upa, mga hadlang sa pagmamay-ari ng tirahan, at nadagdagang kawalan ng tirahan, na ginagawang pangunahing priyoridad ang pagpapaunlad ng pabahay. **Saklaw ng mga alalahanin tungkol sa kawalan ng tirahan ang feedback ng komunidad sa abot-kayang pabahay, kakayahang mamuhay nang mag-isa, at pag-unlad ng komunidad.** Nananawagan ang mga stakeholder para sa pagkilos na pampaiwas, na tinutugunan ang mga residenteng kasalukuyang napipilitang mapaalis, at mga opsyon sa pabahay na tumutugon sa mga pangangailangan at dignidad ng mga residente—na pinapangalanan ang mga alalahanin tungkol sa pagiging sapat at kaligtasan ng shelter at SRO. Sa kabuuan, humihiling ang mga stakeholder ng mas malawak na koordinasyon sa pagitan ng mga sistema at ahensya upang magkaloob ng mga serbisyo para sa mga kasalukuyang walang tirahan o kinakaharap ang kawalan ng tirahan.

Ang mga personal na karanasan sa kawalan ng tirahan ay nag-iiba sa lahat ng populasyon, at may mga kahilungan para sa mga iniakmang solusyon para sa **mga pamilya** at mahihinang grupong tulad ng **mga matatanda, nakaligtas sa karahasan sa tahanan, mga indibidwal na LGBTQ+, indibidwal na dating nakulong,** at **mga nasa tirahan para sa gumagaling sa adiksiyon;** na humihiling ng iba't ibang pagtugon sa mga pangangailangan. Pinangalanan ng mga kalahok ang kahalagahan ng emerhensya, transisyonal, at permanenteng pabahay, at pinagtutuunang suporta upang lumipat sa mas matatag na pabahay. Gaya ng sinabi ng isang kalahok, may pangangailangan para sa "isang housing ladder para makalabas ang mga tao sa HSH." Binanggit din ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip bilang napakahalaga, at ang pinananatiling sumusuportang serbisyo sa komunidad at kalusugan ng pag-iisip bilang mahalaga para matugunan ang pag-iwas na mapaalis ng tirahan at paulit-ulit na siklo ng kawalan ng tirahan.

Ang mahalaga, binigyang-diin ng maraming kalahok ng pakikibahagi sa komunidad ang epekto sa komunidad ng lumalalang krisis ng kawalan ng tirahan sa San Francisco. Madalas na binibigyang-diin ng mga kalahok ang mga nagpapatuloy na isyu ng kawalan ng tirahan: mga pagkakampo, isang nasapantahang paglala ng krimen at paggamit ng droga, at mga kaugnay na isyu sa kalidad ng buhay, bilang nakakaapekto sa kagalingan at kaligtasan ng komunidad. Nagmumungkahi ang mga kalahok ng higit pang mga solusyon sa permanenteng pabahay upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa parehong mga residenteng may tirahan at walang tirahan.

Transportasyon

Mahalaga ang pampublikong transportasyon at mga opsyon sa pagparada ng sasakyan para sa mga kalahok ng pakikibahagi sa komunidad, kahit hindi ito nakalista bilang responsibilidad ng MOHCD. Ibinahagi ng isang stakeholder ng San Francisco "ang mahalagang papel na ginagampanan ng pagiging abot-kayang presyo, kalidad, at ang madaling access sa paradahan ng sasakyan at pampublikong transit sa pagbibigay-hugis sa mga priyoridad sa pabahay para sa ating pamilya at mas malawak na komunidad."

Mahalaga ang pampublikong transportasyon sa lahat ng yugto ng buhay sa San Francisco, mula sa pagpunta sa trabaho patungo sa mga pangangailangan ng pamilya at "pagtanda sa lugar". Ang mga pinabuti, abot-kaya, at maaasahang serbisyo ng transit, kabilang ang mga libreng opsyon para sa mga indibidwal na mababa ang kita ay nakikita bilang mahalagang pangangailangan. Ang matatag na pampublikong transit ay itinuturing na isang asset (sa mga kapitbahayan tulad ng **Excelsior** at sa hanay ng Mission St), at sa iba pang mga lugar (halimbawa, "sa labas ng San Francisco" o sa **Richmond District**), ang kakulangan ng matatag na pampublikong transit ang itinuturing na hadlang sa positibong kalidad ng buhay. Nakikita ang pampublikong transportasyon bilang mapagkukunan para sa mga indibidwal at komunidad—mahalaga para mabawasan ang pagdepende sa sasakyan at para ma-access ang mga atraksyon at pagbuo ng komunidad.

Sa katulad na paraan, ang pagdagdag ng paradahan ng sasakyan ay inilalarawan bilang isang pangangailangan sa buong lungsod, at kailangan para sa lumalaking **mga populasyon ng matatanda, taong may mga kapansanan, beterano, at pamilya**. Nakikita ng mga residente ang paradahan ng sasakyan bilang mahalaga para sa lahat ng pagpapaunlad ng pabahay at bilang isang mahalagang serbisyo para sa mga kagustuhan sa pabahay na pinakamainam para sa kanila

Apendise: Datos ng Kalahok ng Pakikibahagi sa Komunidad

Mga Focus Group

Nagsagawa ng 28 focus group sa buong lungsod, na karaniwan sa mga pangunahing stakeholder na grupo, upang matiyak na may kumakatawan sa iba't ibang boses at pananaw. Kung saan posible, nakatala ang partikular na datos na kumukonekta sa mga natuklasan sa demograpiya sa antas na panggrupo.

Paki-tandaan: Hindi naging available ang mga komprehensibong paghahati ng demograpiya para sa mga kalahok na focus group sa panahon ng pag-uulat na ito ngunit inaasahang maisasama sa mas malawak na Pinagsama-samang Plano ng MOHCD.

| Mga Pangunahing Nasasakupang Grupo |
|--|
| Mabuti sa Anumang Edad at Kapansanan |
| Komunidad ng Aprikanong Karibe at Dyasporang Aprikano |
| Komunidad ng Amerikanong Indian/Katutubong Amerikano |
| Mga Tagapagkaloob sa CBO laban sa sapilitang pagpapaalis sa lugar |
| Komunidad ng Arabe |
| Komunidad ng Cambodia |
| Konseho ng mga Organisasyong Pangkomunidad sa Pabahay (CCHO) |
| Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo Ukol sa Karahasan sa Tahanan |
| Mga Ahensyang Nagpapayo sa Pabahay |
| Mga Co-op ng HUD |
| Network ng mga Tagapagkaloob ng mga Serbisyong Pantao |
| Mga Imigrante/Walang Dokumento at mga Pamilyang Bagong Dating sa Shelter |
| Mga Komunidad ng Lao at Thai |
| Mga Organisasyong LGBTQ |
| Komunidad ng Mayan |
| Komunidad ng Taga-Isla sa Pasipiko (kabilang ang Samoan) |
| Pan-Asian (Konseho ng API) |
| Pan-Latino (LPEC) |
| Muling Pagpasok sa Komunidad (RLC) |
| Ruso |
| Network ng mga Tagapagkaloob ng Sumusuportang Pabahay |
| Komunidad ng mga Nagsasalita ng Espanyol sa Tenderloin |
| Komunidad ng Transgender |
| Mga Beterano |
| Komunidad ng Vietnamese |

Mga Forum ng Komunidad

Ang datos ng Forum ng Komunidad ay nagbibigay ng isang sulyap sa mga pinagsama-samang kinakatawanan na boses. Hinihikayat ang pagpaparehistro para sa mga aktibidad na ito, ngunit hindi kailangan at dahil dito, ang datos na pandemograpiya—na ipiniprisinta nang pinagsama-sama sa ibaba—ay hindi direktang nakauugnay sa mga partikular na komento o natuklasan. Gayunpaman, ito ay nangangahulugan ng aktibong pakikibahagi ng iba't ibang komunidad sa prosesong ito.

11 forum ng komunidad ang isinagawa sa iba't ibang kapitbahayan sa lahat ng kapitbahayan sa lungsod (Bayview, Chinatown, Excelsior, Mission, mga kapitbahayan ng OMI (Ocean View-Merced Heights-Ingleside), Richmond, South of Market (SOMA), Sunset, Tenderloin, Western Addition, at Visitacion Valley). Ang ilang kapitbahayan ay naghahandog ng maraming forum o silid, naghahandog ng mga tagasalang-wika upang mabigyan ng akomodasyon ang mga stakeholder na ang Ingles ay hindi nila pangunahing wika.

Ang pagkakahati-hating pandemograpiya ng mga boses at komunidad na kinakatawan sa mga forum na pangkomunidad, at mga boluntaryong nagbigay ng mga detalye ng kanilang mga detalyeng pandemograpiya, ay nakasaad sa ibaba:⁷

| Pagkakakilanlan ng Kasarian | Porsyento |
|------------------------------------|------------------|
| Babae | 61% |
| Lalaki | 23% |
| Genderqueer/Gender non-binary | 3% |
| Trans na babae | 1 |
| Trans na Lalaki | 0 |

| Sekswal na Oryentasyon | Porsyento |
|-------------------------------|------------------|
| Straight/heterosekswal | 64% |
| LGBTQ | 14% |
| Hindi nakalista | 2% |

| Lahi/Etnisidad | Porsyento |
|-----------------------------------|------------------|
| Asyano | 42% |
| Latino | 17% |
| Itim | 15% |
| Puti | 9% |
| Taga-Isla sa Pasipiko at Katutubo | 1% sa bawat isa |
| Maraming lahi/etnisidad | 5% |

| Wika | Porsyento |
|---|------------------|
| Ingles | 50% |
| Mga wikang asyano (Cantonese, Filipino, Mandarin, Vietnamese) | 27% |
| Espanyol | 9% |

Survey

Ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan ang impormasyong pandemograpiya ng kalahok sa survey.

| Pagkakakilanlan ng Kasarian | Bilang ng mga tumugon | Porsyento |
|------------------------------------|------------------------------|------------------|
| Babae | 338 | 64.0% |
| Lalaki | 128 | 24.2% |
| Genderqueer/Gender Non-binary | 15 | 2.8% |
| Trans na Babae | 1 | 0.2% |
| Trans na Lalaki | 2 | 0.4% |
| Iba pa | 4 | 0.8% |
| Walang sagot | 40 | 7.6% |

| Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng mga tumugon | Porsyento |
|---|------------------------------|------------------|
| Bisekswal | 35 | 6.6% |
| Gay/Lesbian/Nagmamahal sa Parehong Kasarian | 54 | 10.2% |
| Questioning/Hindi Sigurado | 5 | 0.9% |
| Straight/Heterosekswal | 323 | 61.2% |
| Iba pa | 28 | 5.3% |
| Walang sagot | 83 | 15.7% |

| Lahi/Etnisidad *(Piliin ang lahat ng naaangkop) | Bilang ng mga tumugon | Porsyento |
|--|------------------------------|------------------|
| Asyano | 149 | 28.2% |
| Itim | 66 | 12.5% |
| Katutubo | 20 | 3.8% |
| Latino | 97 | 18.4% |
| Taga-Gitnang Silangan/Kanlurang Asyano o Hilagang Aprikano | 13 | 2.5% |
| Taga-Isla sa Pasipiko | 6 | 1.1% |
| Puti | 194 | 36.7% |

| Kapitbahayan ng San Francisco | Bilang ng mga tumugon | Porsyento |
|--------------------------------------|------------------------------|------------------|
| Walang sagot | 103 | 19.5% |
| Bayview Hunters Point | 14 | 2.7% |
| Bernal Heights | 6 | 1.1% |
| Castro/Upper Market | 17 | 3.2% |
| Chinatown | 7 | 1.3% |
| Excelsior | 40 | 7.6% |
| Financial District | 4 | 0.8% |
| Glen Park | 7 | 1.3% |
| Golden Gate Park | 2 | 0.4% |
| Haight Ashbury | 10 | 1.9% |

| | | |
|----------------------------|----|------|
| Hayes Valley | 4 | 0.8% |
| Inner Richmond | 8 | 1.5% |
| Inner Sunset | 8 | 1.5% |
| Japantown | 4 | 0.8% |
| Lakeshore | 2 | 0.4% |
| Lone Mountain/USF | 1 | 0.2% |
| Marina | 2 | 0.4% |
| McLaren Park | 2 | 0.4% |
| Mission | 43 | 8.1% |
| Mission Bay | 6 | 1.1% |
| Nob Hill | 5 | 0.9% |
| Noe Valley | 7 | 1.3% |
| North Beach | 8 | 1.5% |
| Oceanview/Merced/Ingleside | 12 | 2.3% |
| Outer Mission | 5 | 0.9% |
| Outer Richmond | 27 | 5.1% |
| Pacific Heights | 6 | 1.1% |
| Portola | 7 | 1.3% |
| Potrero Hill | 7 | 1.3% |
| Presidio | 1 | 0.2% |
| Presidio Heights | 1 | 0.2% |
| Russian Hill | 6 | 1.1% |
| South of Market | 32 | 6.1% |
| Sunset/Parkside | 26 | 4.9% |
| Tenderloin | 29 | 5.5% |
| Treasure Island | 12 | 2.3% |
| Twin Peaks | 5 | 0.9% |
| Visitacion Valley | 11 | 2.1% |
| West of Twin Peaks | 8 | 1.5% |
| Western Addition | 23 | 4.4% |